DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF SARANGANI
RELEASED
RECORDS UNIT
JIP
2026.08.01
22:50:42
+08'00'

**30 Jul 2026**

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2026-119

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Para sa : Tagamasid-Pampurok/Punongguro na Nakatalaga
Tagpamahala ng mga Pampubliko at
Pribadong Paaralan sa Sekondarya at Elementarya
Guro sa Filipino
Lahat ng may kinalaman

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, Buwan ng Wikang Pambansa ay ipagdiriwang tuwing Agosto 1-31 ng bawat taon. Sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang tema sa pagdiriwang ng Buwan ng wikang Pambansa 2026 ay **"WIKANG FILIPINO AT AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.**

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2026 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041;
   b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at pribado ng makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko
   c. Maganyak ang mga mamayang Pilipino na Pahalagahan ang mga wika ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   d. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito

3. Sa pagsasagawa ng mga gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-on Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaabala ng DO 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity. Lahat ng mga aktibiti na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay isasama sa asignaturang Filipino sa loob ng klasrum upang matiyak na hindi maapektuhan o maantala ang itinakdang oras sa pagtuturo.

4. Kaugnay ditto hinihikayat ang lahat sa pagsuot ng **Katutubong Kasuotan/Filipiniana** kasuotan tuwing araw ng Lunes sa buong buwan ng Agosto 2026, bilang tanda ng ating pagkamakabayan at paggunita sa ng Buwan ng Wika.

5. Para sa mga katanungan o paglilinaw maaring makipag-ugnayan kay Gng. Analiza A. Domingo sa telepono blg.09173129353.

6. Maaring magamit na pondo sa gawaing may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay ang local na pondo, pondo ng organisasyon, at iba pang pondo kung mayron at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aaudit.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

Digitally signed by
Estacio Ruth Laroscain
Adobe Acrobat version:
2023.008.20470

**RUTH L. ESTACIO PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl.: N o n e
Reference: As stated
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CELEBRATION OR FESTIVALS

Judith B. Alba/CID/MLA – pansangay na pagdiriwang ng buwan ng wikang pambansa 2026
0527/July 30, 2026